

Pangunahing Punto: Pagiingat Laban sa Coronavirus (COVID-19)

April 20th Update Patungkol sa Pagtatanggal ng mga Empleyado ng Translink

- Dahil sa kasalukuyang sitwasyon na kinakaharap ng organisasyon at ng aming mga empleyado, ang Translink ay nagpatupad ng pansamantalang pagtatanggal ng 1,492 na empleyado. Ang sahod ng mga senior executives at board of directors ay binawasan ng 10 porsyento.
- Inaasahang pabalik ang mga natanggal na empleyado sa oras na bumalik sa regular na operasyon ang Translink. Inaasahang ipapatupad ito sa balik eskwela sa Setyembre.

Ano ang aming ginagawa

Ang Translink ay sumusunod sa mga patnubay ng pamahalaan at ng mga kinauukulan patungkol sa COVID 19. Nais naming paalalahanan ang publiko na magtulungan upang mapanatiling malinis at ligtas ang bawat isa pati na rin ang ating pampublikong transportasyon. Ang mga sumusunod na punto ay ang ginagawa ng Translink upang maipatupad ang “Social Distancing” o paglalagay ng sapat na agwat sa pagitan ng iyong sarili at ng ibang tao:

-  Pansamantala munang isinuspindi ng Translink ang pagkolekta ng pamasaha sa bus.
-  Ang mga istasyon at mga terminal ng bus ng Translink ay nalilinis nang hindi bababa sa isang beses bawat araw.
-  Pansamantala munang isinuspindi ng Translink ang pagkolekta ng pamasaha sa HandyDART.
-  At lahat ng mga bus, tren, Seabus at HandyDART ay regular na nililinis.

Mensahe ni Kevin Desmond para sa mga pasahero patungkol sa COVID-19



Ang pampublikong transportasyon ay mahalaga sa lahat lalong lalo na sa mga esensyal na manggagawa at mga dalubhasa sa pangangalaga ng ating kalusugan na lumalaban sa COVID-19. Protektahan natin sila at ang ating mga sarili sa pamamagitan ng pagsunod sa mga nakasaad na patnubay sa ibaba:

-  Hugasan ang mga kamay ng madalas at maigi gamit ang sabon at tubig.
-  Iwasang hawakan ang mga mata, ilong o bibig kapag hindi hugas ang mga kamay.
-  Umubo o suminga sa tisyu o manggas ng iyong damit.
-  At higit sa lahat, kapag ikaw ay may sakit, manatili saiyong sariling tahanan.

Sa ating pagtutulungan, malalampasan natin ang krisis sa kalusugan ng publiko. Sa harap ng pagsubok na ito, sisiguraduhin namin na ang ating rehiyon ay patuloy na umuusad at kayo ay konektado sa mga tao at mga lugar na mahalaga sa inyo.



Pangunahing Punto: Pagiingat Laban sa Coronavirus (COVID-19)



Limitasyon ng Upuan sa mga Bus Upang Maipatupad ang “Social Distancing”

- Lilimitahan ng Translink ang upuan sa mga bus sa Metro Vancouver upang maipatupad ang “social distancing.”
- Ang mga pasahero ay hinihikayat na sumakay sa likurang pintuan ng bus lamang, maliban sa nangangailangan ng tulong dahil sa disabilidad.
- Ang mga pasahero ay hinihikayat na iwasang tumayo at umupo kung may libreng upuan. Kapag puno na ang kapasidad ng bus sa pag-upo, wala nang tatanggaping pasahero ang bus hanggang sa magkaroon muli ng kapasidad.
- Ang kapasidad ng bawat SeaBus ay nililimitahan sa 150 na pasahero.



Pag-bawas ng Serbisyo sa Pampublikong Transportasyon

Ang Translink ay nagpapatupad ng pangmalawakang bawas sa serbisyo ng SeaBus, bus, SkyTrain at West Coast Express.

- Ang SeaBus ay maglalayag kada 30 minutos araw araw (pati Sabado at Linggo)
 - Ang pinakahuling SeaBus ay maglalayag ng 7:30 ng gabi galing sa Lonsdale Quay at 7:45 ng gabi mula sa Waterfront.
- Ang mga Bus ay magbabawas ng serbisyo dahil sa kakulangan ng pasahero.
- Simula sa Biyernes (Abril 24), 18 ruta ng bus ang masususpendi:
 - Ang mga suspendidong ruta: 15, 32, 50, 68, 105, 131, 132, 143, 222, 480, 414, R3
 - Karamihan sa mga rutang ito ay may alternatibong transportasyon
 - Ang mga suspendidong ruta ng NightBus o pang gabing bus: N8, N15, N17, N22, N24, N35.
- Simula sa Mayo, inaasahang 47 ruta ang masususpendi at ang dalas ng biyahe ay mababawasan sa mga natitirang ruta.
- Inuuna ng Translink na mabigyan ng serbisyo ang mga ruta ng ospital at ibang pasilidad na pangkalusugan.
- Ang Expo at Millennium Lines ay magkakaroon ng pangmalawakang bawas sa dalas ng biyahe pero mananatili pa rin ang oras ng una at huling biyahe ng tren.
- Simula sa Miyerkules (Abril 22), ang mga tren ng West Coast Express na One, Three, at Five ay patuloy na maglalakbay sa regular nitong mga oras pero may kabawasan sa kapasidad. Ang mga tren na Two at Four ay mananatiling nakasuspendi.



Pagsasara ng Compass at Customer Service Centre

Sa pagpapatupad ng “social distancing”, ang Compass Customer Service Centre sa Stadium-Chinatown Station at West Coast Express Customer Service Centre sa Waterfront Station ay mananatiling sarado hanggang sa susunod na abiso.